

## Araw ng Bagong Taon: Premier Smith

Enero 01, 2023 [Mga katanungan sa media](#)

Inilabas ni Premier Danielle Smith ang pahayag na ito bilang pagdiriwang sa pagdating ng 2023:

“Sa pagsikat ng bagong taon, maraming dahilan ang mga Albertan para sa optimismo.

“Ang ating ekonomiya ay nakabangon mula sa mga seryosong paghamon at nagpapakita ng mga palatandaan ng lakas. Ang mga negosyo ay lumalago, lumilikha ng mga bagong trabaho at mga pagkakataon, habang ang mga mapagkukunan ng Alberta ay kinakailangan sa buong mundo.

“Kasabay nito, mabilis na kumikilos ang ating pamahalaan upang mapagaan ang krisis sa kakayahang maging abot-kaya, pagbutihin ang pag-akses sa pangangalagang pangkalusugan at maging matatag kasama ng ibang mga lalawigan laban sa paglampas sa limitasyon ng pederal.

“Mahabang daan ang hinaharap para makamit ang mga layuning ito. Ngunit hindi kailanman nagkukulang ang Alberta sa ambisyon o determinasyon na matupad ito hanggang makarating sa tagumpay. Sama-sama, poprotektahan at itatayo natin ang ating magandang tahanan, na ginagawa itong isang mas magandang lugar para sa lahat.

"Bilang mga Albertan, marami tayong dapat ipagpasalamat at higit pa na dapat ikatuwa sa hinaharap. Hinahangad ko sa inyong lahat ang isang ligtas, masaya at kasiya-siyang 2023!"

Mga katanungan sa media

[Rebecca Polak](#)

Direktor ng mga Pang-araw-araw na Komunikasyon at Kalihim ng Press, Opisina ng Premier